

Pahayagan ng Ladies Prayer International



United Pentecostal Church

Pebrero 2016

Visit [Ladies Prayer International on Facebook](#) and "like" our page!

Siya ay Tapat

ni Alice Wright



"Talastasin mo nga, na ang Panginoon ninyong Dios, ay siyang Dios: ang tapat na Dios, na nag-iingat ng tipan at naggagawad ng kagandahang-loob sa mga umiibig sa kaniya, at tumutupad ng kaniyang mga utos, hanggang sa isang libong salin ng lahi;" (Deuteronomy 7:9).

Ang salitang tapat ay nangangahulugan na isa siyang tao na nanatili sa kanyang pangako. Ang kanyang mga salita ay may kasiguruhan at hindi mababali.

Natutunan nating magtiwala sa tao habang nakikilala natin siya. At tunay na naglalaan tayo ng panahon para lalo pa natin siyang makilala. Gayundin sa ating Panginoon. Kapag tayo ay naglalaan ng panahon sa pagbabasa ng kanyang mga salita at nananalangin tayo palagi mas lalo tayo nagtiwala sa kanya. Limampu't limang taon ko ng kasama ang Panginoon, ni minsan ako ay hindi niya binigo.. Mateo 24:35 "Ang langit at ang lupa ay lilipas, datapuwa't ang aking mga salita ay hindi lilipas."

Noong ang aming bunsong anak ay siyam na buwang gulang, siya ay napasog ng sobra sa kanyang hita at braso. Umaga nangyari yun kaya wala ang aking asawa noong dinala ko ang bata sa ospital. Nang umuwi ang aking asawa at wala kami sa bahay alam na niya na may hindi magandang nangyari. Agararan siyang nanalangin at nangusap ang Panginoon sa kanya na wag siyang mag-alala dahil magiging maayos ang lahat.

Kinabukasan dinala namin ang aming anak muli sa doktor. Sinabi niya na *second at third degree* ang paso at kailangang ng *skin grafts*. Kami ay pumunta sa sambahan at humingi ng panalangin. Binanggit ng aking asawa sa sambahan na nangusap sa kanya ang Panginoon at sinabi na wag siyang mag-aalala. At may pananampalataya siya sa salita ng Dios na hindi na kakailanganin ng skin grafts.

Kaya noong kami ay bumalik sa doktor dahil naka *schedule* na ang aming anak para sa *skin grafts*, siya ay manghang mangha at nagtanong na " anong ginawa niyo?" At kung alam mo na ang Diyos ay may kakayahang gumawa ng mga imposibleng bagay napakadali lamang sagutin ang katanungang iyon. Ang Diyos ay nagsalita na walang dapat ipag-alala. Ang aming anak ay wala man sugat sa kanyang hita, kundi isang maliit lamang sa kanyang braso- Ang ating buhay na Diyos ay tapat magpakailan paman.

"Ang Dios ay hindi tao na magsisinungaling, Ni anak ng tao na magsisisi; Sinabi ba niya, at hindi niya gagawin? O sinalita ba niya, at hindi niya isasagawa?" (Numbers 23:19). Kapag ang Diyos ay nangusap tayo ay may kasiguruhan na tutuparin niya ito.

Marami tayong mga kahinaan ngunit ang Diyos ay malakas. Tayo ay nagkakasala ngunit ang Diyos ay mahabagin, Tayo ay nagkakamali ngunit siya ay nananatiling tapat. Ang ating *Confidence* ay naka base sa katotohanan na ang ating Diyos ay tapat kailan pa man. Nagbabago ang mga sirkumstansya ngunit may Diyos tayo na hindi nagbabago at siyang may kontrol ng ating buhay. Walang mahirap para sa kanya.

Ang sabi sa Hebrew 10:23 "Na ating ingatang matibay ang pagkakilala ng ating pagasa upang huwag magalinlangan: sapagka't tapat ang nangako: " Kapag wala na tayong maasahan maliban sa Dios, alam natin na sa kanya ang lahat ay sapat na.

Tala: Si Alice F. Wright ay pastor's wife na sa loob ng forty-five years. Ang asawa niya ay ang founding pastor ng church sa Annapolis, Maryland. Mayroon siilang dalawang anak na parehas mangangaral. Pito ang kanyang apo.



Ang Diyos natin ay Tapat

ni Susan Beek



"Palagi mong tatandaan na para sa akin ay mananatiling kang maliit kong anak" ito ay paminsan minsan kong nasasambit sa aking mga anak. Siguro kayo bilang mga maguang ay nasasabi nyo din ito sa inyong mga anak. Naalala ko pa noong una kong nakarga ang aking mga anak. Nasambit ko pa noon na sana palagi na lng silang maliit, para kaya ko silang protektahan mula sa kasamaan sa mundong ito. Ang aking pamilya ay isa sa pinakamagandang regalo ko sa mundong ito.

Laki ako mula sa magulong pamilya. Kaya bata pa lamang ako ay pangarap ko ng magkaroon ng masaya at mapagmahal na pamilya. At noon pa lamang ay nasambit ko na magiging mabuting ina ako sa aking mga anak. Ngunit ng makilala ko si Hesus, di ko pala kayang mabuti ng mag-isa. Ang sabi sa aklat ng mga awit 127:3 Kaloob nga ni Yahweh itong ating mga anak, ang ganitong mga supling, pagpapalang mayro'ng galak" Ang ating Diyos ay dakila, ay siya at tapat. Ang kanyang hangarin ay ingatan, lukuban at protektahan ang ating mga anak ng kanyang pagmamahal.

Ang mga bata ay lumalaki, at natuto ng pumili ng kanilang mga gusto. Kung sila man ay lumaking mabuti o medyo matigas ang ulo na parang rebelde, kung sila man ay nakatira pa sa atin o may sarili na sila, kailangan pa din nila ang ating mga panalangin. Ay mundong ito ay maimpluwensya, kahit saan ay may kasamaan, ngunit wag natin kakalimutan na ang ating Diyos ay mas higit sa lahat. Siya ay tapat!

Minsan parang tayo ay walang pag-asa, lalo na pag ating mga anak ay naliligaw na sa kanilang landas, minsan sila ay puno ng galit at hindi natin maabot, wag natin kakalimutan na may Diyos tayo. May pag-asa sa kanyang mga salita. Ang sabi sa Kawikaan 22:6 "Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan."

Kapag ang mga bata ay naturuan ng salita ng Diyos sa murang edad, na ang Diyos ay nagpapatawad, na dahil sa kanyang dugo na tumagas ay kayang patawarin ang ating kasalanan, makakaya nilang bumalik sa Diyos sa panahon ng kanilang panghihihina dahil matatandaan nila kung gaano katapat ang Panginoon

Bilang mga magulang ay nais natin na maging maayos ang buhay ng ating mga anak. Tinuturuan natin

sila ng mabuting asal, ngunti higit sa lahat mas turuan natin sila manalanangin. Ito ay makakatulong sa kanila upang magkaroon sila ng malalim na pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos sa panahon ng pagsubok. Responsibilidad natin na hindi lamang basahin ang salita ng Diyos sa kanila kundi dapat maipamuhay natin ito.

Ang mga bata sa Israel ay tinuturuan araw gabi na ng “Dinggin mo, Oh Israel: ang Panginoon nating Dios ay isang Panginoon.” binabanggit ito ng mga magulang kahit na sa mga bagong silang n bata dahil naniniwala sila na ito ay makakatulong sa kanila ispiritwal. Dahil ang Diyos ay tapat, dapat din tayong maging matapat sa pagtuturo sa ating mga anak.

Tala: Si Reverend Susan Beek, ay asawa ni missionary John Beek, ina ng tatlo at lola ng anim na bata. Nakatira siya sa Edinburgh, Scotland, at minister din kasama ng kanyang asawa.

Mula sa Mailbox

Pagbati mula sa El Salvador, God Bless you. Gusto ko lang malaman niyo na binabasa ko lahat ng Ladies Prayer Intl newsletters. Nakakatulong ito ng mainam sa akin bilang asawa ng Pastor. God bless your ministry. -Esther (Pastor's wife)

~~~~~  
Inaasam ko na sana balang araw ay may Swahili edition na. Gusto ko din ang English. Pinapadala ko din ito sa mga kaibigan ko. Isa na dun yung gawa ni Leah Seagraves'. Salamat sa inyong burden at ministry. Have a blessed New Year! -Pamela Smoak (Missionary)

~~~~~  
Pakisabi kay Sis. Gerolyn Kelley na gustong gusto ko ung artikulo niya patungkol sa consistency. Mahirap consistent sai prayer lalo na sa umaga bago pumasok sa paaralan. Lalo na sa pamilya ng mga pastor na minsan gabi na nakakapahinga. Minsan pagod na kinaumagahan, nagmamadali, naghahanap ng mga nawawala, kakain ng agahan, at madami pa. Ang artikulo niya ay tunay na isang magandang paalala sa akin

Maganda din yung sa parte na maiksi lamang na panalangin, - madaling gawin at higit sa lahat ay consistent. Just perfect! Ako ay nagpapasalamat at napalakas.

Salamat kaibigan sa magandang testimonya patungkol sa iyong anak Napakaganda at tunay na nangusap sa akin. Ibabahagi ko ito sa aking mga kapatiran lalo na sa mga ina..

Love you much. Salamat sa mga ito. Your friend, Debbie Sanders (Pastor's wife)

[Watch our Video](#)

Mula sa Editor



Maraming ginagawang mabuti ang Diyos , Ang Diyos ay patuloy na nagbubukas ng pinto, Ang pahayagang ito ay mayroon na ring English, Spanish, French, German, Dutch, Portuguese, Russian, Greek, Arabic, Farsi, Czech, Chinese, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian, Italian at Norwegian. Ipanalangin po natin na magkaroon na rin tayo ng Polish, Serbian, Bulgarian at Japanese na taga translyt.

Debbie Akers Kung nais nyong magkaroon ng mga iba't ibang transleasyon mula sa taas, maari lamang na mag request sa LadiesPrayerInternational@aol.com.

Ministry Links

[Ladies Prayer International](#)
[UPCI Ladies Ministries](#)
[More to Life Bible Studies](#)
[Today's Christian Girl](#)
[World Network of Prayer](#)
[UPCI](#)
[My Hope Radio](#)
[Multicultural Ministries](#)



Sino kami? . . . Simula pa noong 1999: ang "Ladies Prayer Intl." ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-unang lunes ng kada buwan ,upang manalangin ng sama sama para sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan.

Ang aming misyon . . . Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon ,gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang henerasyon.

Aming kailangan . . . Mga Kababaihan na handang maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang pokus na ipanalangin ang knilang mga anak tuwing ika-unang lunes ng kada buwan.

Tatlong dapat bigyang pansin sa pananalangin..

1. Kaligtasan ng ating mga anak(Isaias 49:25; Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
 2. Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (I Juan 2:25-28; Santiago1:25)
 3. Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38)
-

Watch our Video



Ministries we support...

TUPELO CHILDREN'S MANSION Children live in an environment with opportunity to grow spiritually, physically and emotionally.

NEW BEGINNINGS Maternity care for birthmothers considering adoption and child placement for adoptive couples.

HAVEN OF HOPE A program for girls ages 13-16 with behavioral and emotional issues.

LIGHTHOUSE RANCH for BOYS Healing broken and hurting lives of teen boys.



See what's happening on our social sites:



UPCI Ladies Ministries | LadiesPrayerIntl@aol.com | 314-373-4482 | LadiesMinistries.org